# PROCTITIS

Ang proctitis ay isang impeksyon o pamamaga sa tumbong (rectum). Ito ay maaaring sanhi ng mga bacteria o virus.

## *Ano ang nagiging sanhi ng proctitis?*

Ang proctitis ay maaaring sanhi ng gonorrhea, chlamydia, Mpox, herpes at iba pang mikrobyo na naipasa sa pamamagitan ng anal sex.

## *Ano ang dapat kong hanapin?*

Ang pananakit ng tumbong, pagdurugo, mga sugat at/o discharge ay lahat ng posibleng sintomas ng proctitis. Maaari mo ring mapansin ang namamaga at masakit na lymph node sa iyong singit.

## *Malubha ba ang Proctitis?*

Maaari itong maging malubha. Ang proctitis ay maaaring maging napakasakit at maaaring mapataas ang iyong panganib na mahawa ng HIV, hepatitis C at iba pang mga impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik. Ang hindi ginagamot na proctitis ay maaaring magdulot ng pilat at iba pang malala/masakit na pangmatagalang mga problema.
Ang ilang proctitis ay sanhi ng LGV (lymphogranuloma venereum). Ang LGV ay isang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik [sexually transmitted infection (STI)] na dulot ng partikular na mga strain ng chlamydia.

## *Ano ang mangyayari kung mayroon akong Proctitis?*

- Bibigyan ka ng mga antibiotic na gamot. *Mahalagang tapusin ang iyong gamot upang ganap na gumaling ang impeksyon.*
- Kung mayroon kang proctitis, magpapadala kami ng pagsusuri para sa LGV. Gagawin lang ng lab ang LGV test kung positibo ang iyong rectal chlamydia test. Depende sa mga resulta ng pagsusuri sa iyo, maaari ka naming tawagang muli at hingin sa iyo na uminom ka pa ng mga antibiotic nang mas matagal.
- Ang iyong mga sex partner ay dapat gamutin. Kung hindi sila magamot, maaari nilang maibalik sa iyo ang impeksyon, o makahawa ng iba.
- Huwag makipagtalik habang umiinom ng antibiotic. Huwag makipagtalik sa iyong partner habang pareho kayong umiinom ng inyong gamot.
- Kung hindi mawala ang iyong mga sintomas, bumalik sa klinika para sa karagdagang pagsusuri.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng Proctitis?*

Kung iniisip mong makipagtalik sa isang bagong partner:

- Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.
- Tanungin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tugkol sa doxy-PEP.
- Huwag makipagtalik kung ikaw o isang sexual partner ay mayroong mga sintomas ng isang STI,

kabilang ang discharge, napapaso sa pag-ihi, rash, o mga genital sore.

- Maaaring mapataas ng Proctitis ang panganib ng impeksyon sa HIV. *Kung mayroon kang proctitis at negatibo sa HIV, kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa PrEP.*

**Para sa higit pang impormasyon:**
Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org
www.sfsi.org/

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org

**Teens**
www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600